

Lungsod ng Chicago

Yugto IV: Mga Patnubay sa Dahan-dahang Pagpapanumbalik

Mga Pagtukoy ng Kapasidad ayon sa Industriya / Aktibidad

Ang Lungsod ng Chicago ay patuloy na nakararanas ng malaking bilang ng mga kaso ng at pagpapaospital dahil sa COVID-19, na may hatid na peligro sa ating sistema ng pangangalaga sa kalusugan kung hindi mababantayan. Mas mahalaga kaysa sa dati na sumunod sa mga patnubay mula sa mga lokal, pang-estado, at pederal na opisyal tungkol sa kung paano pigilan ang pagkalat ng virus. Bukod sa dokumentong ito, **dapat ding sumangguni ang mga establisimyento sa mga patnubay sa Dahan-dahang Pagpapanumbalik na partikular sa industriya** sa chicago.gov/reopening, kung saan kabilang sa lahat ng iyon ang mahigpit na pagsunod sa pisikal na pagdistansiya, pagsusuot ng mask, pagsusuri ng kalusugan at mga protokol sa kalinisan.

Kabilang sa mga paghihigpit sa kapasidad ayon sa setting ang:

Edukasyon at Pangangalaga ng bata

Setting	Yugto IV: Mga Patnubay sa Dahan-dahang Pagpapanumbalik ng Kapasidad
Edukasyong PK-12	<ul style="list-style-type: none">• Limitahan ang mga pagtitipon ng mga mag-aaral at tauhan sa hindi hihigit sa 50 tao kapag nasa loob, o 100 tao kapag nasa labas, habang tinitiyak na mayroong mga hakbang sa pagdistansya sa kapwa• Huwag hikayatin ang mga pagpupulong o mas malalaking pagtitipon na may maramihang grupo; kung kinakailangan, limitahan ang pagtitipon sa hindi hihigit sa 50 tao• Pinapayagan ang mga pagtitipon ng maraming grupo ng 50 tao sa iisang espasyo (hal., gym o auditorium) kung mayroong mga harang na mula sa sahig hanggang kisame (hal., mga divider ng silid)
Pangangalaga ng Bata	<ul style="list-style-type: none">• Limitahan ang bilang ng grupo sa 17 o mas kauti pang bata alinsunod sa mga kinakailangan sa paglisensya ng estado ayon sa pangkat ng edad• Huwag payagan ang mga bata na magpalit ng grupo o programa sa loob ng isang pasilidad kapag naitakda na ang mga pangkat
Mas Mataas na Edukasyon	<ul style="list-style-type: none">• Limitahan ang kapasidad ng silid-aralan sa 40%, at hindi hihigit sa 50 tao (habang nagpapanatili pa rin ng 6 na talampakang distansiya)• Sa labas ng mga karaniwang aktibidad sa silid-aralan, lahat ng ibang mga espesyal na kaganapan at pagpupulong ay dapat limitahan sa hindi hihigit sa 10 tao.• Limitahan sa hindi hihigit sa 50 tao ang lahat ng iba pang mga pagtitipon ng mga indibidwal (hal., mga empleyado, estudyante, pangkalahatang publiko) sa mga cafeteria at iba pang mga espasyo para sa lahat

Mga Programa para sa mga Hindi Nag-aaral at Pagpapayaman	<ul style="list-style-type: none"> • Dapat itigil ang mga panloob na panggrupong ehersisyo o mga programang pang-fitness (e.g. sayaw, yoga) • Ang mga programa kung saan ang mga kalahok ay nakaupo / nakapirmi lamang ay maaaring ituloy sa mga grupo ng hanggang 15 (hal., pagpinta, malikhaing pagsulat, mga sesyon ng pag-aaral) • Iwasan ang paghahalo ng mga tauhan at kalahok sa iba't ibang mga grupo • Pahintulutan ang ilang grupo na gamitin ang parehong pasilidad, hangga't napapanatili ang pagdistansiya sa kapwa nang 30 talampakan
--	---

Opisina at Ari-Ariang Bahay at Lupa

Setting	Yugto IV: Mga Patnubay sa Dahan-dahang Pagpapanumbalik ng Kapasidad
Mga Pangnegosyong Gusali	<ul style="list-style-type: none"> • Dapat magtrabaho nang malayuan ang lahat ng mga empleyadong may kakayahang magtrabaho nang malayuan • Kung hindi posible ang malayuang pagtatrabaho, limitahan ang kapasidad sa 25% para sa lahat ng panloob na espasyo, kabilang na ang mga espasyo para sa nangungupahan • Limitahan ang mga pagtitipon ng mga okupante sa mga cafeteria, silid para sa pagpupulong, pahingahan ng mga nangungupahan, at iba pang lugar kung saan nagtitipon sa hindi hihigit sa 50 tao
Mga Residensiyal na Gusali	<ul style="list-style-type: none"> • Hindi maaaring sumobra sa anim na taong hindi miyembro ng tahanan ang lalahok sa mga panloob na pagtitipon sa mga pribadong tirahan. • Hindi maaaring tumanggap ang mga residente ng sinumang bisita sa kanilang mga tahanan maliban kung sila ay mga esensiyal na manggagawa (hal., mga provider ng pangangalagang pangkalusugan sa tahanan, provider ng psangangalaga ng bata o tagapagturo) • Limitahan ang kapasidad sa mga lugar na ginagamit ng lahat at espasyo ng amenity sa hindi hihigit sa 25% para sa mga espasyo sa loob o panloob na aktibidad, habang tinitiyak ang pagdistansiya sa kapwa • Kabilang sa mga amenity ang mga silid para sa pagpupulong at pahingahan ng mga nangungupahan

Akomodasyon at Turismo

Setting	Yugto IV: Mga Patnubay sa Dahan-dahang Pagpapanumbalik ng Kapasidad
Mga Panlipunang Kaganapan at Pagpupulong	<ul style="list-style-type: none"> • Hindi maaaring magsagawa ng mga panloob o panlabas na pagtitipon sa mga silid para sa pagpupulong, banquet center, pribadong silid para sa party, pribadong club, country club at iba pang mga lugar na pinagdadausan ng kaganapan. • Limitado ang mga libing sa 10 miyembro ng pamilya ng namatay, hindi kasama ang mga tauhan

	<ul style="list-style-type: none"> • Ang mga espesyal na kaganapan sa mga lugar ng pagsamba, tulad ng mga kasal, lamay, potluck, at iba pang mga kaganapan sa komunidad ay limitado sa 10 tao • Ipinagbabawal ang mga kaganapan sa mga silid pambisita ng mga hotel o mga pinapaupahang pag-aari • Bawal ang mga party bus
Mga Hotel at Akomodasyon	<ul style="list-style-type: none"> • Limitahan ang mga pagtitipon sa mga pangkaraniwang lugar tulad ng lobby sa 25% ng kapasidad, na may hindi hihigit sa 50 tao sa loob ng iisang lugar sa kahit anong oras • Ang paggamit ng mga silid sa hotel ay dapat ilimita sa mga rehistradong bisita lamang, kung saan ang pinakamataas na maaari ay ang bilang ng mga indibidwal na papayagan ayon sa ipinapairal na fire code sa bawat naaangkop na silid ng bisita • Dapat sarado ang mga sentro ng fitness, o ipinapatakbo lamang sa modelo ng pagpapareserba, na may kapasidad na limitado sa 25% ng pinakamataas na bilang ng taong maaaring umokupa sa silid • Dapat sarado ang mga lugar ng kaganapan at pagpupulong
Panandaliang Pangungupahan	<ul style="list-style-type: none"> • Limitahan ang mga pagtitipon ng mga bisita sa hindi hihigit sa 6 na tao sa isang pinapaupahang ari-arian o kaugnay na lugar/kuwarta na madalas na ginagamit sa gusali, ayon sa patnubay ng gusali at indibidwal na may-ari ng property • Pagbawalan ang mga bisita na magdaos ng mga kaganapan at party

Mga Serbisyo sa Pagkain at Bar

Setting	Yugto IV: Mga Patnubay sa Dahan-dahang Pagpapanumbalik ng Kapasidad
Mga Serbisyo sa Pagkain at Mga Bar	<ul style="list-style-type: none"> • Bawal ang panloob na serbisyo • Maaaring magpatuloy ang mga panlabas na serbisyo, at ang laki ng mga grupo ay limitado sa hindi hihigit sa 6 tao at ang mga lamesa ay paglalayuin nang hindi bababa sa 6 talampakan • Kasama sa panlabas na serbisyo ang: <ul style="list-style-type: none"> ○ Mga silid na may naiuurong na bubong ○ Mga rooftop ○ Mga estruktura para sa maramihang grupo, tulad ng mga tent, kung saan may hindi bababa sa 50% ng pader ang bukas ○ Mga estruktura para sa iisang grupo, tulad ng mga igloo, na may maayos na bentilasyon ○ Mga lamesa na nasa loob ng walong talampakang distansiya mula sa pader na bukas ang hindi bababa sa 50% • Bawal ang mga pribadong kaganapan

Pagtitinda at mga Serbisyo

Setting	Yugto IV: Mga Patnubay sa Dahan-dahang Pagpapanumbalik ng Kapasidad
Mga Tindahan	<ul style="list-style-type: none"> • Dapat limitahan ang kapasidad sa 25%, kabilang ang mga pangkalahatang tindahan, mga “big box” na tindahan na nag-aalok ng mga grocery at botika, at mga convenience store • Maaaring magbukas ang mga grocery store at botika sa hanggang 50% ng kapasidad • Limitahan ang mga pagtitipon ng mga empleyado at customer sa mga masisikip na lugar sa hindi hihigit sa 50 tao habang tinitiyak ang pagdistansya sa kapwa nang 6 na talampakan • Bawal ang paninigarilyo sa mga tindahan ng hookah, mga cigar lounge at iba pang tindahan ng tabako <ul style="list-style-type: none"> ◦ Maaaring magpatuloy ang mga tingiang pagtitinda sa mga establisimyentong ito sa 25% ng kanilang kapasidad
Mga Personal na Serbisyo	<ul style="list-style-type: none"> • Dapat limitahan ang bawat panloob na lugar sa 25 tao, habang isinasagawa ang pagdistansiya sa kapwa, o 25% ng kapasidad (alinman ang mas kaunti) • Itigil ang mga serbisyo kung saan kailangang tanggalin ang pantakip sa mukha (hal., mga facial, pag-ahit) • Papayagan ang physical therapy, occupational therapy at masahe kung kinakailangan ng isang medikal na provider, ngunit kinakailangang paglayuin ang mga appointment nang hindi bababa sa 15 minuto at kinakailangang gumawa ng mga hakbang ang mga pasilidad upang linisin at paikutin ang malinis na hangin sa mga silid panserbisyo bago at pagkatapos ng bawat serbisyo
Kalusugan at Sentro ng Fitness	<ul style="list-style-type: none"> • Limitahan sa hanggang 25% kapasidad ang panloob na paggamit • Limitahan ang mga pagtitipon ng mga empleyado at customer (hal., lugar para sa pag-check in) sa mga karaniwang lugar sa hindi hihigit sa 50 tao, habang pinapanatili ang pagdistansiya sa kapwa • Itigil ang mga panloob na panggrupong klase • Papayagan ang mga panlabas na aktibidad sa 25% ng kapasidad at ang mga panggrupong aktibidad ay lilimitahan sa 10 tao o mas kaunti pa • Dapat isara ang mga locker room, pati ang ilang mga ancillary na akomodasyon, kung saan hindi maaaring gawin ang pagdistansiya sa kapwa tulad ng mga sauna at steam room

Mga Panloob at Panlabas na Atraksyon

Setting	Yugto IV: Mga Patnubay sa Dahan-dahang Pagpapanumbalik ng Kapasidad
---------	---

Mga Parke at Libangan sa Labas	<ul style="list-style-type: none"> • Dapat limitahan ang bawat panlabas na espasyo sa hanggang 100 tao, habang ipinapatupad ang pagdistansiya sa kapwa, o 25% ng kapasidad, anuman ang mas kaunti • Limitado sa 10 tao o mas kaunti pa ang mga panggrupong gawain • Isara ang lahat ng mga panloob na espasyo (hal. bahay sa bukid, panloob na lugar para sa exhibit)
Mga Panloob na Sentro ng Gawaing Panlibangan (hal. mga bowling alley, arcade)	<ul style="list-style-type: none"> • Dapat itigil ang lahat ng mga panloob na gawain • Kung mayroong panlabas na bahagi ang pasilidad, dapat limitahan ang bawat panlabas na espasyo sa hanggang 100 tao, habang ipinapatupad ang pagdistansiya sa kapwa, o 25% ng kapasidad, alinman ang mas kaunti • Limitado sa 10 tao o mas kaunti pa ang mga panggrupong gawain
Organisadong Panggrupong Gawaing Panlibangan (hal. mga pasilidad pang-isports, panloob na isports at aktibidad)	<ul style="list-style-type: none"> • Pansamantalang ihinto ang lahat ng mga panloob na panggrupong isports at gawaing panlibangan kabilang ang mga pambata at pangmatandang isports na panlibangan. Kabilang dito ang mga distrito ng parke at travel league • Maaaring magpatuloy ang pansariling pagsasanay (na may pagpapareserba sa pasilidad) • Pahihintulutan ang mga panlabas na isports at libangan, at ang mga kasaling grupo at mga pag-eensayo sa labas ay limitado sa 10 tao na may pagdistansiya sa kapwa. • Dapat sarado ang mga locker room.

Sining at Kultura

Setting	Yugto IV: Mga Patnubay sa Dahan-dahang Pagpapanumbalik ng Kapasidad
Mga Lugar para sa Pagsamba	<ul style="list-style-type: none"> • Dapat limitahan ang mga regular na serbisyo sa 50 tao, habang ipinapatupad ang pagdistansiya sa kapwa, o 25% ng kapasidad, alinman ang mas kaunti • Kung ang silid ay may iba't iba at malinaw na nakahiwalay na bahagi (hal., balkonahe), maaaring magpapasok sa bawat bahagi ng hanggang 50 tao, hangga't ang bawat grupo na binubuo ng 50 katao ay <ul style="list-style-type: none"> ○ Hindi nakikisalamuha sa isa't isa ○ Mayroong sarili nilang nakalaang pasukan / labasan, at ○ Mayroong sarili nilang nakaraang mga pasilidad na banyo • Ang mga espesyal na kaganapan tulad ng kasal, lamay, potluck, at iba pang mga kaganapan sa komunidad ay maaaring magkaroon ng hindi hihigit sa 10 tao • Lubos na pinapayo na mayroon lamang na hindi hihigit sa 10 tao sa mga regular na serbisyo, kung maaari. • Limitado ang mga libing sa 10 miyembro ng pamilya ng namatay, hindi kasama ang mga tauhan

Produksyon ng Pelikula at TV	<ul style="list-style-type: none"> Hikayatin ang produksyon na limitahan ang mga grupo ng cast at crew sa hindi hihigit sa 50 tao sa masisikip na silid o espasyo Limitahan ang kapasidad sa 50% para sa lahat ng panloob na espasyo, habang sumusunod pa rin sa paghihigpit sa bilang ng tao sa pagtitipon
Mga Museo	<ul style="list-style-type: none"> Dapat itigil ang lahat ng mga panloob na gawain Kung mayroong panlabas na bahagi ang pasilidad, dapat limitahan ang bawat panlabas na espasyo sa hanggang 100 tao, habang ipinapatupad ang pagdistansiya sa kapwa, o 25% ng kapasidad, alinman ang mas kaunti Limitado 10 tao o mas kaunti pa ang mga panlabas na panggrupong gawain
Mga Venue para sa Pagtatanghal	<ul style="list-style-type: none"> Dapat itigil ang lahat ng mga panloob na gawain Kung mayroong panlabas na bahagi ang pasilidad, dapat limitahan ang bawat panlabas na espasyo sa hanggang 100 tao, habang ipinapatupad ang pagdistansiya sa kapwa, o 25% ng kapasidad, alinman ang mas kaunti Limitado sa 10 tao o mas kaunti pa ang mga panlabas na panggrupong gawain
Mga Sinehan	<ul style="list-style-type: none"> Dapat itigil ang lahat ng mga panloob na gawain Kung mayroong panlabas na bahagi ang pasilidad, dapat limitahan ang bawat panlabas na espasyo sa hanggang 100 tao, habang ipinapatupad ang pagdistansiya sa kapwa, o 25% ng kapasidad, alinman ang mas kaunti Limitado sa 10 tao o mas kaunti pa ang mga panlabas na panggrupong gawain

B2B

Setting	Yugto IV: Mga Patnubay sa Dahan-dahang Pagpapanumbalik ng Kapasidad
Pagmamanupaktura	<ul style="list-style-type: none"> Limitahan ang mga pagtitipon ng mga empleyado sa mga cafeteria, silid para sa pagpupulong, at iba pang lugar kung saan nagtitipon sa hindi hihigit sa 50 tao (habang pinapanatili ang pagdistansiya sa kapwa nang 6 na talampakan)
Konstruksyon	<ul style="list-style-type: none"> Hindi hihigit sa 50 tao sa anumang pagpupulong o masikip na lugar sa site (hal., mga pasukan/labasan)
Transportasyon at Pagbobodega	<ul style="list-style-type: none"> Limitahan ang mga pagtitipon ng mga empleyado sa mga cafeteria, silid para sa pagpupulong, at iba pang lugar kung saan nagtitipon sa hindi hihigit sa 50 tao (habang pinapanatili ang pagdistansiya sa kapwa nang 6 na talampakan)

Pangangalaga sa Kalusugan

Setting	Yugto IV: Mga Patnubay sa Dahan-dahang Pagpapanumbalik ng Kapasidad
Pangangalaga sa Kalusugan	<ul style="list-style-type: none"> Limitahan ang mga pagtitipon ng mga empleyado sa mga cafeteria, silid para sa pagpupulong, at iba pang lugar kung

	saan nagtitipon sa hindi hihigit sa 50 tao (habang pinapanatili ang pagdistansiya sa kapwa nang 6 na talampakan)
--	--

Transportasyon

Setting	Yugto IV: Mga Patnubay sa Dahan-dahang Pagpapanumbalik ng Kapasidad
CTA	<ul style="list-style-type: none"> • Ipagpatuloy ang inisyatiba para bawasan ang mga pagsisiksikan upang limitahan ang bilang ng mga customer sa mga bus at tren – limitado sa 15 pasahero ang 40 talampakang bus at limitado sa 22 pasahero ang 60 talampakang bus at lahat ng sasakyan ng tren
Taxi at Ride Hail (On-demand na Pagkontrata ng Sasakyan)	<ul style="list-style-type: none"> • Limitahan ang mga taxi o ride-hail na sasakyan sa hindi hihigit sa 9 na tao, kasama ang nagmamaneho